# Gabay sa Paggamit ng KWF Diksiyonáryo ng Wíkang Filipíno

## 1. Mga Salitang Lahok

1.1. Nakasulat ang mga salitang lahok nang papantig gamit ang gituldok (big mid dot) o ang character na "•". Nilagyan din ito ng kaukulang tuldik bilang gabay sa tamang bigkas ng salita.

1.2. Pinaghiwalay ang lahat ng salitang lahok na bagaman magkatulad ng baybay at bigkas ay magkaiba ng kahulugan o walang kaugnayan sa isa't isa ang kahulugan.

Halimbawa:

**lag•dâ**

Bahagi ng Pananalita Pangngalan

Kahulugan

1. Pirmá.

Paglalapi

▸ **ilagdâ, lagdaán, lumagdâ** —Pandiwa

**lag•dâ**

Bahagi ng Pananalita Pangngalan

Kahulugan

1. LITERATURA Epikong Sebwano hinggil sa kodigo ng wastong asal.

**lag•dâ**

Bahagi ng Pananalita Pangngalan

Kahulugan

1. Batas; kautusan; alituntunin.
2. Hatol; pasiya.

➔ Iyan ang lagdâ ng hukom na lumitis sa iyong kaso.

## 2. Bahagi ng Pananalita (Parts of Speech o POS)

2.1. Ang bahagi ng pananalita ay nasa ibaba ng salitang lahok.

Halimbawa:

**ba•tà**

**Bahagi ng Pananalita** Pangngalan

2.2. Ang isang salitang lahok ay maaaring magkaroon ng higit sa isang bahagi ng pananalita. Inuuna ang salitang lahok na may bahagi ng pananalita na madalas gamitin, halimbawa bilang pangngalan, bibigyan ng kahulugan. Sa ibabang linya nito makikita ang katulad na salitang lahok na may iba pang bahagi ng panalita, halimbawa bilang pandiwa o pang-uri.

Halimbawa:

**bákal**

**Bahagi ng Pananalita** Pangngalan

**Kahulugan**

1. Uri ng metal na kulay puting pilak; madaling naisusunod sa hugis na ibig; karaniwang ginagamit na pangkombinasyon sa ibang malakas higupin ng magnet at madaling humalo sa oksiheno.
2. Pátos sa paa ng kabayo, báka, o kalabaw.

**bá•kal**

**Bahagi ng Pananalita** Pang-uri

**Kahulugan**

1. Hingi o bigay.

   ➔ Bákal lámang ang pera kong ito.

## 3. Pinagmulang Salita at Pinagmulang Wika/Etimolohiya

3.1. Tumutukoy sa orihinal na salita na pinagmulan ng salitang lahok.

3.2. Tumutukoy naman ang Pinagmulang Wika sa wikang katutubo o wikang banyaga na pinagmulan nito.

Halimbawa:

## la•ba•ká•ra

**Bahagi ng Pananalita** Pangngalan

**Pinagmulang Salita** lavacara

**Pinagmulang Wika** Español

**Kahulugan**

1. Tuwalyang maliit na karaniwang ginagamit na pamunas sa mukha.

   ➜ *BÍMPO.*

3.3. Tinutukoy din ng pinagmulang salita ang morphological etymology o pinagmulan ng salitang tambalan o hugnayang salita.

Halimbawa:

## bá•gum•bú•hay

**Bahagi ng Pananalita** Pangngalan

**Pinagmulang Salita** bágo+na búhay

**Varyant** bá•gong•bú•hay

**Kahulugan**

1. Kalagayan sa pagpapanibagong-anyo; ayos o simula ng kabuhayan matapos dumaan sa mga kasawian.
2. Kalagayan sa pagkaligtas sa mapanganib na sakuna.

## 4. Salitang Ugat

Para sa mga salitang lahok na nilapian o may panlapi, tinutukoy dito ang salitang ugat.

Halimbawa:

## la•bá•san

**Bahagi ng Pananalita** Pangngalan

**Salitang-ugat** labás

**Kahulugan**

1. Pook o lugar na daánan papalabas.

   ➜ Nása gawing kaliwa ang labásan ng sinehan.

2. Oras ng paglabas.

   ➜ Mamayang hapon pa ang labásan ng mag-aarál.

## 5. Kahulugan, Halimbawang Pangungusap, at "Tingnan ang"

5.1. Ang kahulugan ay maaaring payak na paglalarawan sa salitang lahok o pagbanggit ng iba't ibang kauri nito at ang katangiang taglay nito na naiiba sa nabanggit na mga kauri. Upang higit na maging malinaw ang pakahulugan sa salitang pasok, maaaring magkaroon ng iba pang dagdag na paliwanag na idinudugtong sa pamamagitan ng paglalagay ng tuldok-kuwit (;) pagkatapos ng unang paliwanag.

5.2. May mga salitang lahok na nagkakaroon ng higit sa isang kahulugan, ito ay pinaghihiwalay ng paglalagay ng bilang sa bawat kahulugan. Inuuna ang higit na gamitin o popular na kahulugan ng salitang lahok.

Halimbawa:

**ba•tà**

**Bahagi ng Pananalita** Pangngalan

**Kahulugan**

1. Sanggol.
2. Táong walang sapat na gulang.
3. Kasintahang babae o lalaki man; sa may asawa, kaagulo.
4. Tagasunod; tauhan; alipores.

5.3. Sa higit na ikauunawa o ikaliliwanag ng isang salitang pasok o kahulugan nito na hindi gaanong gamitin o popular, naglagay ng mga halimbawang pangungusap sa ibaba ng kahulugan.

Halimbawa:

**la•án**

**Bahagi ng Pananalita** Pangngalan

**Kahulugan**

1. Paghahanda o pag-uukol sa sinuman o sa anuman.

   ➔ Ang laán ng nanay para sa iyo ay masarap na hapunan.

### 5.4. "Tingnan ang"

5.4.1 May mga pagkakataong ang ibang anyo ng ispeling ng isang salita ay ipinasok nang hiwalay. Ang gamiting anyo lamang ang binigyang-kahulugan at ang kahulugan ng

ibang anyo ng ispeling nito ay tinutukoy ng salitang “**Tingnan ang”** para sa reperensiyang tanong.

Halimbawa:



cake


Bahagi ng Pananalita Pangngalan

Bigkas keyk

Pinagmulang Wika Ingles

Kahulugan

1. Tingnan ang *keyk*



keyk

Bahagi ng Pananalita Pangngalan

Pinagmulang Salita cake

Pinagmulang Wika Ingles

Kahulugan

1. Pinaghalong arina, itlog, gatas, baking powder, at iba pang sangkap na niluluto sa hurno o oven at karaniwang nila

5.4.2 May mga pagkakataon ding kailangang ituro o tukuyin ang ibang salitang lahok na hindi singkahulugan ngunit may kahulugang malapit o higit na magbibigay linaw sa salitang nais bigyang kahulugan. Ginamit din ang “**Tingnan ang”** upang tukuyin ang ganitong salita.

## 6. Singkahulugan

Pagkatapos ng bawat pagpapakahulugan at halimbawang pangungusap (kung mayroon) ay isinusunod ang mga singkahulugan nito na nakasulat sa malalaking titik at nakaitaliko.

Halimbawa:

## a•bá•la

**Bahagi ng Pananalita** Pangngalan

**Kahulugan**

1. Dahilan ng pagluluwat o pagtatagal sa isang gawain

   ➜ *ANTALA*, *ATRASO*, *BALAM*

2. Pagpigil

   ➜ *BINBIN*, *PIGIL*

3. Paggambala sa katahimikan o pamamahinga

   ➜ *BAGABAG*, *GULO*, *LIGALIG*, *TIGATIG*

4. Sagabal, hadlang, balakid

   ➜ Si Pedro ang malaking abála sa akin.

   ➜ *ISTORBO*

5. Molestiya

   ➜ *PAKIKISUYO*, *PAKIKIUSAP*

6. Anumang pinag-uukulan ng panahon, isip, o pansin

   ➜ *ASIKASUHIN*

### 7. Mga Deribatibo/Paglalapi, Idyoma, at Tambalan

7.1. Ang deribatibo o paglalapi ay mga nabuong salita kapag ang salitang lahok ay ginamitan ng iba’t ibang panlapi. Nakasaad din ang bahagi ng pananalita ng mga nabuong salita o deribatibo.

7.2. Idyoma. Idinagdag din ang mga idyoma na pinaggamitan ng mga salitang lahok at binigyan ng pagpapakahulugan.

7.3. Tambalan. Idinagdag din ang mga salitang tambalan na nabuo gamit ang salitang lahok; nakasaad ang bahagi ng pananalita at binigyan ng pagpapakahulugan.

Halimbawa:

# la•rô

**Bahagi ng Pananalita** Pangngalan

**Kahulugan**

1. Libangan.

   Pagsusungkâ ang larô ng mga batà.

2. Paligsahan o labanáng libangan o pampalakas ng katawan na nása anyong pagsubok ng kakayahan, kasanayan, atbp. na ginaganap alinsunc

   Pinakatampok sa UAAP ang larong basketbol.

**Paglalapi**

- **kalarô, laruán, láruan, manlalarò, pakikipaglarô, palarúan, panlarô** —Pangngalan
- **maglarô, makipaglarô, paglaruán** —Pandiwa

**Idyoma**

- **lamigán ang larô**

  Maging mahinahon sa pakikipagpaligsahan.

- **maglarô ng apóy**

  Magtaksil sa asawa.

- **maglarô sa salitáan**

  Magpawalang-halaga sa kasunduan.

- **malamíg ang larô**

  Matamlay ang labanán; walang sigla ang larô.

# i•náng

**Bahagi ng Pananalita** Pangngalan

**Kahulugan**

1. Ibang tawag sa ina, inay, nanay.

**Tambalan**

- **ináng-wikà** — Pangngalan

  Wika ng bansang sinilangan; katutubong wika; wikang sarili.

- **Ináng-báyan** — Pangngalan

  Lupang tinubuan; sinilangang bansa; bayang tinubuan.

- **ináng-pangúman** — Pangngalan

  Asawang kauli ng ama; madrasta.

- **ináng-dalág** — Pangngalan

  Inahing dalag na kumakain ng sariling anak.